American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN :2378-703X
Volume-5, Issue-7, pp-271-279
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# ILUSTRASYONG GLOSARYO NG MGA SALITANG NAKAPALOOB SA ILANG PILING PANITIKANG PANDAIGDIGAN BILANG KAGAMITANG PANTURO AT ANTAS NG PAG-UNAWA SA PAGBASA

Happy P. Emralino[1], Imelda G. Carada Ph.D[2]
[1]*(Filipino Department, Col. Lauro D. Dizon Memorial Integrated High School, Philippines)*
[2]*(College of Teacher Education & Graduate Studies and Applied Research Laguna State Polytechnic University-San Pablo City Campus, Philippines)*
*Corresponding author:*

***ABSTRACT:*** This study focuses in the use of Illustrated Glossary of Terms in Selected World Literature as a Learning Material and its relationship in the Level of Reading Comprehension. It employed descriptive-correlational research which determined the perception on the use of illustrated glossary by means of self-made questionnaire. Data were analyzed with mean and standard deviation. A 60-item self-made pen and paper test was administered to assess the level of reading comprehension. Data were then analyzed with frequency and percentage. Pearson-r was utilized to determine significant relationship between illustrated glossary and level of reading comprehension. Respondents were 100 Grade 10 students of Col. Lauro D. Dizon Memorial Integrated High School who were selected through simple random sampling. The result showed that respondents strongly agree to material's objectives, content, design, durability and ease of use. Moreover, a large percentage of respondents garnered an outstanding score in three levels of reading comprehension. From the results, it showed that there is no significant relationship between illustrated glossary and level of reading comprehension for there is no enough statistical evidence to reject the claim therefore hypothesis is sustained. Meanwhile, the material's design has a significant relationship in inferential and critical levels of reading comprehension.

***Keywords***- *descriptive-correlational, education, illustrated glossary, learning material, level of reading comprehension*

## I. PANIMULA

Komprehensyon ang pinakalayunin ng pagbabasa. Sinasabing sa pagbabasa makararating ang tao sa iba't ibang lugar, matitikman ang mga pagkaing hindi pa natitkman kumbaga gumagana ang mga pandama ngunit ang lahat ng nabanggit ay magiging ganap lamang kung may pag-unawa sa pagbasa. Ito ay dapat malinang sa lahat ng indibidwal hindi lamang upang maging kawili-wili at kapaki-pakinabang ang pagbabasa kundi daan ito upang maging matagumpay sa akademiko, propesyunal at personal na buhay. Ang pag-unawa sa pagbasa ay higit pa sa pagbigkas ng mga salita. Ito ay nangangailangan ng interaksyon ng mambabasa sa teksto at pag-unawa sa nais ipahiwatig o iparating ng manunulat sa pamamagitan ng paggamit ng kanyang dating kaalaman at pag-uugnay sa kanyang karanasan. (Cruz et al, 2013 [1])

Nakatala sa Deskripsyon ng Batayang Konseptuwal na Balangkas sa Pagtuturo ng Filipino K-12, partikular sa Pamantayan para sa Baitang 10, na inaasahang pagkatapos ng Ikasampung Baitang, naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at saling-akdang pandaigdig tungo sa pagkakaroon ng kamalayang global. Naglalaman ang mga saling-akdang pandaigdig ng mga terminolohiya at salitang hindi pamilyar sa mga mag-aaral na nagiging hadlang sa kanilang pag-unawa. Ang paggamit ng isang materyal na makatutulong upang masolusyunan ang nabanggit na suliranin ay laging isinasaalang-alang ng guro sa pagtuturo upang maging tulong sa pagkatuto ng mag-aaral.

Nabanggit sa artikulong The Importance of Learning Materials in Teaching (2016 [2]) na ang kagamitang panturo ay isang pangkalahatang terminolohiyang ginagamit sa paglalarawan ng kagamitang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo. Ang mga kagamitang panturo ay maaaring makatulong sa pagkatuto at mapataas ang pag-unlad ng mag-aaral. Ang kasalukuyang hamon sa pagtuturo sa new normal at ang kahirapan sa pag-unawa ng mga panitikang pandaigdig ay nagbunsod sa mananaliksik na gumamit ng ilustrasyong

glosaryo na naglalaman ng di-pamilyar at malalalim na salita mula sa ilang panitikang pandaigdigan na nilakipan ng ilustrasyon bilang kagamitang panturo para maitaas ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral lalong higit na ang pag-aaral ngayon ay nasa self-paced learning kung saan ang pagkatuto ay nasa kamay ng mag-aaral.

## II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Isinagawa ang pag-aaral na ito upang 1) malaman ang pananaw ng mga tagasagot sa paggamit ng ilustrasyong glosaryo ng mga salitang nakapaloob sa ilang piling panitikang pandaigdigan bilang kagamitang panturo batay sa layunin, nilalaman, disenyo, tibay at kakayahang magamit; 2) masukat ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga tagasagot batay sa pag-unawang literal, pag-unawang inferensyal at pag-unawang kritikal; at 3) malaman kung may makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng ilustrasyong glosaryo ng mga salitang nakapaloob sa ilang piling panitikang pandaigdigan bilang kagamitang panturo sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

## III. METODO NG PANANALIKSIK

Ginamit sa pag-aaral na ito ang descriptive-correlational na paraan ng pananaliksik .Gumamit ang mananaliksik ng self-made questionnaire sa pag-alam ng pananaw ng mga tagasagot hinggil sa ilustrasyong glosaryo bilang kagamitang panturo. Naglalaman ang talatanungan ng mga baryabol na layunin, nilalaman, disenyo, tibay at kakayahang magamit na dumaan sa balidasyon ng tatlong eksperto sa larangan ng Filipino. Ang instrumento ay isinalang din sa pilot testing upang matukoy ang posibleng suliranin at kakulangan sa instrumento ng pananaliksik bago isagawa ang kabuuang pag-aaral. Ginamit sa pilot testing ang 30 mag-aaral na hindi kabilang sa isinagawang pag-aaral na nasa ikasampung baitang ng Col. Lauro D. Dizon Memorial Integrated High School sa pahintulot ng punongguro ng paaralan. Mula sa isinagawang balidasyon ng mga tagasuri at pananaw ng mga tagasagot sa pilot testing, dumaan ang datos sa istatistikal na pagsusuri sa pagtaya ng reliability. Mula sa naging resulta ng reliability test, nirebisa ang mga dapat baguhin upang maging angkop sa pag-aaral.

Sa kabilang banda, ipinasuri at dumaan din sa balidasyon ang ilustrasyong glosaryo na ginamit sa pag-aaral. Ang nakalap na puna at suhestiyon hinggil sa ilustrasyong glosaryo ay ginamit na batayan ng mananaliksik upang rebisahin at paunlarin ang materyal. Ang pinal na kopya ng ilustrasyong glosaryo ay naglalaman ng mga malalalim, teknikal na salitang nakapaloob sa ilang piling panitikang pandaigdigan na nasa modyul ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang na binigyang kahulugan ng mananaliksik at nilakipan ng ilustrasyon ng mga tagaguhit na nabanggit sa materyal. Tinukoy din ang bahagi ng pananalita at nilagyan ng halimbawang pangungusap sa lalong ikauunawa ng mga mag-aaral sa kahulugan ng salita. Nilakipan ito ng tagubilin sa paggamit upang makayang gamiting mag-isa ng tagasagot at upang masiguro na walang nilabag na copyright, naglakip din ng pagtanggi o disclaimer at binanggit na dumaan ang materyal sa balidasyon.

Matapos mabigyan ng pahintulot ng lupong pamatnubay sa tesis na maisagawa ang pag-aaral, ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa tagapamanihala ng mga paaralan sa Dibisyon ng San Pablo at sa punongguro ng paaralang Col. Lauro D. Dizon Memorial Integrated High School upang maisagawa ng pananaliksik. Ang ilustrasyong glosaryo na naglalaman ng mga tinipong salitang nabibilang sa least mastered na talasalitaan (mula sa ilang taong obserbasyon ng guro sa pagtuturo) ay ipinagamit sa mga tagasagot sa loob ng 2 linggo.

Pagkalipas ng unang linggong pagpapagamit ng materyal, sinimulang hingin ang pananaw ng tagasagot hinggil dito sa pamamagitan ng talatanungan na naka-Google Form. Matapos ang pag-aaral sa Ikalawang Markahan, nagbigay ng pagsusulit upang sukatin ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng tagasagot sa mga akdang pinag-aralan. Ang pagsusulit ay isang pen and paper test na naglalaman ng 60 katanungan na nahahati sa antas literal, inferensyal at kritikal na may tig-dalawampung katanungan. Ang mga tanong ay hango sa pitong akdang pampanitikang pandaigdigan na aralin sa Ikalawang Markahan. Ang mga katanungan ay maingat at masusing binuo upang matiyak na akma sa pagsukat ng antas sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mga-aaral. Ang mga datos na nakalap sa pagsusulit at talatanungan ay sumailalim sa pagsusuring istatistikal. Ginamit ang mean at standard deviation sa pag-alam ng pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng ilustrasyong glosaryo bilang kagamitang panturo. Ginamit naman ang frequency at percent distribution sa pag-aanalisa ng iskor sa pagsusulit at ang Pearson Product Moment-Correlation Coefficient upang malaman kung may kaugnayan ang paggamit ng ilustrasyong glosaryo bilang kagamitang panturo sa antas ng pag-unawa sa pagbasa.

## IV. RESULTA AT DISKUSYON

1. Analisis sa Pananaw ng mga Tagasagot sa Ilustrasyong Glosaryo bilang Kagamitang Panturo

4.1.1 Batay sa Layunin

| Indikeytor | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Nakatutulong ang kagamitan upang maunawaan ang binabasa dahil nabigyang kahulugan ang mga hindi pamilyar o malalalim na salita sa akda. | 3.95 | 0.22 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Napagyayaman ang kahusayan sa pag-unawa sa binasa. | 3.72 | 0.47 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Nakatutulong ang ilustrasyon na maunawaan at matandaan ang kahulugan ng salita dahil nag-iiwan ng imahe sa isipan. | 3.86 | 0.35 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Nagsisilbing motibasyon para sa proseso ng pagkatuto. | 3.62 | 0.51 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Napagyayaman ang talasalitaan sapagkat nauunawaan ang kahulugan ng mga salita. | 3.82 | 0.39 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kabuuan | 3.80 | 0.18 | Lubos na Sumasang-ayon |

Pananda: 3.50-4.00 Lubos na Sumasang-ayon; 2.50-3.49 Sumasang-ayon; 1.50-2.49 Bahagyang Sumasang-ayon; 1.00-1.49 Hindi Sumasang-ayon

Talahanayan 1: paggamit ng ilustrasyong glosaryo ng mga salitang nakapaloob sa ilang piling panitikang pandaigdigan bilang kagamitang panturo batay sa layunin

Ipinakikita sa resulta na ang mga tagasagot ay nagbigay ng pananaw na Lubos na Sumasang-ayon sa kabuuang mean na 3.80 at standard deviation na 0.18. Kapansin-pansin na nakakuha ang indikeytor 1 ng pinakamataas na mean na 3.95 at standard deviation na 0.22 na mahihinuha na lubos na sumasang-ayon ang mga tagasagot at naging katanggap-tanggap ang kagamitan sapagkat naisakatuparan nito ang layuning makatulong na maunawaan ang binabasa dahil nabigyang kahulugan ang mga mahihirap na salita sa akda. Ang indikeytor 4 ang may pinakamababang mean na 3.62 at standard deviation na 0.51 na may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Mahihinuhang lubos na sinang-ayunan ng tagasagot ang motibasyong hatid ng materyal upang gamitin ito sa pagbasa.

Sumasang-ayon ang resulta sa artikulo ni Nation (2017[3]) salig kay Clarke et al. (2010) na sinasabing may malaking koneksyon ang komprehensiyon at bokabularyo kung saan ang pag-unlad sa bokabularyo ay may epekto sa pag-unlad sa pag-unawa sa binasa.

4.1.2 Batay sa Nilalaman

| Indikeytor | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Mga salitang malalalim at hindi pamilyar sa mambabasa. | 3.52 | 0.67 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Mga salitang nasa ibang wika kagaya ng wikang Ingles at wikang Swahili ng Silangang Africa. | 3.44 | 0.70 | Sumasang-ayon |
| 3. Mga salitang hango sa kultura ng ibang bansa na hindi kilala at katutubo sa mag-aaral na Pilipino. | 3.49 | 0.64 | Sumasang-ayon |
| 4. Mga salitang nilakipan ng ilustrasyon na akma at angkop sa ibinigay na kahulugan ng salita. | 3.71 | 0.50 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kabuuan | 3.54 | 0.43 | Lubos na Sumasang-ayon |

Pananda: 3.50-4.00 Lubos na Sumasang-ayon; 2.50-3.49 Sumasang-ayon; 1.50-2.49 Bahagyang Sumasang-ayon; 1.00-1.49 Hindi Sumasang-ayon

Talahanayan 2: paggamit ng ilustrasyong glosaryo ng mga salitang nakapaloob sa ilang piling panitikang pandaigdigan bilang kagamitang panturo batay sa nilalaman

Ipinakikita ang pananaw ng tagasagot sa ilustrasyong glosaryo bilang kagamitang panturo batay sa nilalaman nito. Nakakuha ito ng kabuuang mean na 3.54 at standard deviation na 0.43. Ang indikeytor 4 ang nakakuha ng mataas na mean na 3.71 at standard deviation na 0.50 na mahihinuhang lubos na sinang-ayunan ng tagasagot

ang pagtataglay ng ilustrasyong glosaryo ng ilustrasyon na akma sa kahulugan ng salita. Mahihinuha na nakaagaw-pansin ang biswal na ilustrasyon upang mas maunawaan ang kahulugan ng salita dahil sa isang tingin pa lamang sa ilustrasyon ay madaling maunawaan at matandaan ang kahulugan nito na tumatak sa kanilang isipan. Samantala ang indikeytor 2 ang nakakuha ng mababang mean na 3.44 at standard deviation na 0.70. Mahihinuha na ang naging dahilan sa pagkakaroon nito ng mababang mean ay sapagkat iilang salita lamang na nasa ibang wika (Ingles at Swahili) ang nakapaloob sa ilustrasyong glosaryo.

Sinasang-ayunan ng resulta ang banggit ni Liay (2019[4]) na ang nilalaman ay mahalagang sangkap sapagkat ito ang pinakapuso ng anumang kagamitang panturo.

Sumasang-ayon din ang resulta sa binanggit ni Osworth (2017[5]) na ang paggamit ng glosaryo ay isang mainam na paraan upang magbigay ng depinisyon, mailista at mapalawak ang hindi pamilyar o mahihirap na salita sa isang aklat. Kung ang isang aklat ay naglalaman ng bihira, hindi pamilyar, espesyalisadong salita, nilikhang salita o terminolohiya, ang glosaryo ay nagsisilbing diksyonaryo sa mambabasa bilang talahulugan sa pagbabasa ng aklat.

Ipinakikita ng resulta na naipamalas ng kagamitan ang mungkahing inilahad ni Palines (2016[6]) na sinasabing napakahalaga sa isang kagamitan sa pagtuturo na maging malinaw, maayos at madaling maunawaan ang bawat salita na nakalagay rito sapagkat dito nakasalalay ang mabilis na pagkaunawa ng mga mag-aaral sa mga teknikal na salita na di masyadong pamilyar sa kanila ang kahulugan.

Batay sa mga inilahad na impormasyon, nangangahulugan na ang nilalaman ay mahalagang salik ng kagamitan at nakaangkla sa layunin na makatulong sa pag-unawa sa pagbasa.

4.1.3 Batay sa Disenyo

| Indikeytor | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Ang pabalat na ginamit ay nagbibigay-ideya sa nilalaman ng glosaryo at nakaka-engganyo sa mambabasa na buklatin ang materyal. | 3.73 | 0.47 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Maimis at organisado (hindi magulong tingnan ang pagkakalagay ng mga elemento kagaya ng ilustrasyon at letra). | 3.82 | 0.44 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. May konsistensi at hindi nagbabago-bago ang disenyo sa bawat pahina katulad ng format, kulay, ilustrasyon at iba pa. | 3.80 | 0.43 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Gumamit ng iba't ibang font style at wastong laki ng letra na madaling basahin at maganda sa paningin. | 3.74 | 0.56 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Ang ilustrasyong ginamit ay makatotohanan, kahali-halina at akma ang kulay. | 3.79 | 0.43 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kabuuan | 3.78 | 0.34 | Lubos na Sumasang-ayon |

Pananda: 3.50-4.00 Lubos na Sumasang-ayon; 2.50-3.49 Sumasang-ayon; 1.50-2.49 Bahagyang Sumasang-ayon; 1.00-1.49 Hindi Sumasang-ayon

Talahanayan 3: paggamit ng ilustrasyong glosaryo ng mga salitang nakapaloob sa ilang piling panitikang pandaigdigan bilang kagamitang panturo batay sa disenyo

Ipinakikita ng resulta sa Tal. 3 na maganda at kaakit-akit ang disenyo ng ilustrasyong glosaryo batay sa kabuuang mean na 3.78 at standard deviation na 0.34. Ang indikeytor 2 na may mean na 3.82 at standard deviation na 0.44 ay nagpapakita na lubos na sinang-ayunan ng mga tagasagot ang pagiging maimis at organisado ng ilustrasyong glosaryo. Mahihinuha na mahalaga ang tamang pag-organisa ng iba't ibang elemento sa pagbuo ng kagamitan upang ito ay maging kahali-halina sa paningin na maaring magresulta sa palagiang paggamit nito sa pagbasa. Sa kabilang banda, ang indikeytor 1 ang nakakuha ng mababang mean na 3.73 at standard deviation na 0.47 na ipinapakitang lubos ding sinang-ayunan ng mga tagasagot na ang pabalat at ang disenyo nito ay nakaeengganyo sa mambabasa na buklatin ang materyal.

Tumutugma ang resulta sa artikulo nina Howard at Major (n.d[7]) na sinasabing isa sa patnubay sa pagdidisenyo ng kagamitang panturo ay ang pagiging kahali-halina nito na tumutukoy sa paningin at pandama. Mahalaga na maganda sa unang tingin pa lamang ang materyal at kailangang ikonsidera ang mga salik kagaya ng dami ng teksto sa pahina at ang konsistensi ng layout.

Sumasang-ayon ang resulta sa mungkahi ni Bandli (2020[8]) na gumamit ng balanse, proporsyon, alignment, kontras, emphasis, pattern at kaisahan/konsistensi sa pagdidisenyo at paglikha ng isang materyal na makatutulong sa pagkatuto. Makikita na malaki ang naging gampanin ng disenyo sa pagkakaroon ng halina sa mambabasa sa paggamit ng materyal. Naging kaakit-akit ito at nakadagdag ng motibasyon at interes sa materyal.

4.1.4 Batay sa Tibay

| Indikeytor | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. hindi madaling masira at magusot ang materyal; | 3.60 | 0.55 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. maaaring magamit nang matagal; | 3.75 | 0.44 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. hindi agad napupunit ang pahina; | 3.59 | 0.55 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. maayos ang pagkakastaple ng mga pahina at hindi naghihiwalay; | 3.80 | 0.47 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. gumamit ng makapal na papel sa pabalat at sa panloob na pahina | 3.73 | 0.49 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kabuuan | 3.69 | 0.39 | Lubos na Sumasang-ayon |

Pananda: 3.50-4.00 Lubos na Sumasang-ayon; 2.50-3.49 Sumasang-ayon; 1.50-2.49 Bahagyang Sumasang-ayon; 1.00-1.49 Hindi Sumasang-ayon

Talahanayan 4: paggamit ng ilustrasyong glosaryo ng mga salitang nakapaloob sa ilang piling panitikang pandaigdigan bilang kagamitang panturo batay sa tibay

Mahihinuha sa resulta ng Tal. 4 na may tibay ang ilustrasyong glosaryo halaw sa kabuuang mean na 3.69 at standard deviation na 0.39 na may interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon. Kapansin-pansin na nakakuha ng pinakamataas na mean ang indikeytor 4 na may mean na 3.80 at standard deviation na 0.47. Samantalang ang indikeytor 3 ang may pinakamababang mean na 3.59 at standard deviation na 0.55.Masasabing may tibay ang kagamitan sapagkat naka-staple ang mga pahina at hindi naghihiwa-hiwalay na kahit pa may kakapalan ang materyal ay maayos itong nakabigkis na nagresulta sa pagkakaroon ng pagkakataong magamit nang mabisa at matagal. Samantala, bagamat makapal ang ginamit na papel sa kagamitan, ito ay maaaring mapunit pa rin gaya ng ibang kagamitan o libro kung hindi iingatan o aksidenteng mapupunit subalit ang binigyang-diin ay ang hindi agarang pagkapunit ng pahina na lubos namang sinang-ayunan ng mga tagasagot.

Gayundin, sumasang-ayon ang resulta sa tagubilin ni Read et al. (n.d[9]) na kailangang ikonsidera ang paggamit ng pinakamainam na pabalat sapagkat ang pagpipreserba ng pabalat ng libro ay ang pangunahing proteksyon ng isang aklat. Sa pagbigkis naman ng mga pahina o binding iminumungkahi ang paggamit ng saddle stitched binding kung umabot sa bilang na 96 ang kabuuang pahina. Nabanggit na hindi dapat gamitin ang libro kung hindi ito na-bind sapagkat ilang linggo lamang ang itatagal nito.

Umaayon din ang resulta sa pag-aaral ni Locsin (2013[10]), na sinasabing mahalaga na matibay at gawa sa de-kalidad na materyales ang mga aklat at naglalaman ng angkop at madaling maunawaang mga impormasyon para sa mga mag-aaral.

Mula sa nakahanay na konsepto, masasabing ang pagkakaroon ng tibay ng ilustrasyong glosaryo ay malaking kapakinabangan hindi lamang sa mag-aaral kundi na rin sa guro sapagkat maaaring magamit ng higit sa isang beses at magamit ng maraming mag-aaral na binigyang-diin ni (Howard et al., n.d.[7]) na nagsasabing ang isa sa iminungkahing panuntunan o patnubay sa epektibong paglikha ng kagamitang panturo ay ang pagkakaroon ng tibay.

4.1.5 Batay sa Kakayahang Magamit

| Indikeytor | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Magaan at madaling dalhin. | 3.84 | 0.39 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Nakaalpabeto ang pagkakatala ng salita. | 3.86 | 0.40 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Gumamit ng bold at italize na format sa mga salitang kailangang bigyang-diin o empasis. | 3.75 | 0.50 | Lubos na Sumasang-ayon |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4. May tagubilin hinggil sa wastong paggamit ng materyal. | 3.69 | 0.49 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. May tala hinggil sa mga daglat na ginamit sa pagtukoy ng bahagi ng pananalita. | 3.76 | 0.43 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kabuuan | 3.78 | 0.34 | Lubos na Sumasang-ayon |

Pananda: 3.50-4.00 Lubos na Sumasang-ayon; 2.50-3.49 Sumasang-ayon; 1.50-2.49 Bahagyang Sumasang-ayon; 1.00-1.49 Hindi Sumasang-ayon

Talahanayan 5: paggamit ng ilustrasyong glosaryo ng mga salitang nakapaloob sa ilang piling panitikang pandaigdigan bilang kagamitang panturo batay sa kakayahang magamit

Ipinakikita ng resulta na lubos na sumasang-ayon ang mga tagasagot sa pagtataglay ng kakayahang magamit ng materyal na may kabuuang mean na 3.78 at standard deviation na 0.34. Kapansin-pansin na nakakuha ng mean na 3.86 at standard deviation na 0.40 ang indikeytor 2 kung saan lubos na sinang-ayunan ng mga tagasagot ang pagiging madaling magamit ng kagamitan sapagkat nakatala ang mga salita sa paalpabetong pamamaraan kung saan madaling makita ang kahulugan ng salitang hindi maunawaan. Ipinababatid ng resulta na nakasunod ang materyal sa pamantayang ibinahagi ni Peterman et al. (2021[11]) na sinasabing kung glosaryo ang pag-uusapan, kailangan na nakatala ang mga salitang binigyang-kahulugan sa paraang nakaalpabeto, simula sa letrang “A” hanggang “Z”. Ang pagtatala ng mga salita sa paalpabetong paraan ay magiging madali sa mga mambabasa na mahanap at hagilapin ang kanilang nais makita at makatipid ng oras. Samantalang ang pinakamababang mean na 3.69 at standard deviation na 0.49 ay nakuha ng indikeytor 4. Mahihinuhang lubos ding sinang-ayunan at lubhang naging katanggap-tanggap sa mga tagasagot ang pagkakaroon ng tagubilin hinggil sa wastong paggamit ng materyal na maaaring magresulta sa kawilihan ng paggamit dito.

Sinasang-ayunan ng resulta ang naging puna ni Luna (2010), banggit ni Abuel (2013[12]), na sinasabing kung hindi madaling magamit ang materyal, ito ay hindi magiging epektibo.

Gayundin, pinasusubalian ng resulta ang banggit sa pag-aaral ni Simui et al. (n.d[13]) hinggil sa iba’t ibang batayan upang masabing walang kakayahang magamit ang isang kagamitang panturo na malinaw na hindi taglay ng ilustrasyong glosaryo sapagkat nagkamit ng lubos na pagsang-ayon ang materyal mula sa mga tagasagot. Ang mga pamantayang nabanggit upang masabing ang isang kagamitang panturo ay hindi user-friendly o walang kakayahang magamit ay kung may mapusyaw ang pagkakaimprenta, walang page numbering, walang malinaw na headings at subheadings na hudyat ng pagtatapos ng isang paksa. Gayundin, kapag hindi organisado at hindi sunod-sunod ang elemento.

Samantala, isa pang batayan ng pagkakaroon ng kakayahang magamit na ibinahagi ni Osworth (2017[5]) ang lubos na sinang-ayunan ng mga tagasagot ay kailangang madaling magamit. Nararapat na madaling mai-scan ng mambabasa ang listahan, mahanap ang salitang hinahanap at matutuhan ang kahulugan nito. Dapat ay bigyang-depinisyon at ipaliwanag ang salita, terminolohiya o parirala sa simpleng pamamaraan. Idinagdag pa niya na kung ang glosaryo ay nakalilito sa mambabasa, isa itong problema.

Batay sa mga nabanggit, mahihinuha na lubhang sinang-ayunan at lubos na katanggap-tanggap sa mga tagasagot ang ilustrasyong glosaryo sa pagkakaroon nito ng kakayahang magamit sapagkat naging mabisa at epektibo ito dahil hindi nagkaroon ng hadlang at kalituhan sa paggamit ng materyal kaya nagamit nang tama at nakamtan ang layunin na makatulong ito sa pag-unawa sa pagbasa.

2. Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Tagasagot

| Iskor | Literal | | Inferensyal | | Kritikal | | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % | f | % | |
| 17-20 | 78 | 78.0 | 75 | 75.0 | 85 | 85.0 | Pinakamahusay |
| 13-16 | 14 | 14.0 | 23 | 23.0 | 12 | 12.0 | Mahusay |
| 9-12 | 8 | 8.0 | 2 | 2.0 | 2 | 2.0 | Katamtaman |
| 5-8 | - | - | - | - | 1 | 1.0 | Di-gaanong mahusay |
| 0-4 | - | - | - | - | - | - | Nangangailangan ng pag-unlad |
| Kabuuan | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | |

Pananda: 17-20 (Pinakamahusay); 13-16 (Mahusay); 9-12 (Katamtaman );5-8 (Di-gaanong mahusay); 0-4 (Nangangailangan ng pag-unlad)
Talahanayan 6: antas ng pag-unawa ng mga tagasagot batay sa pag-unawang literal, pag-unawang inferensyal at pag-unawang kritikal

Kapansin-pansin sa resulta na ang malaking bahagdan ng mag-aaral sa 3 antas ng pag-unawa ay nasa interpretasyong pinakamahusay na may 78% sa antas literal, 75% sa antas inferensyal at 85% sa antas kritikal. Mahihinuha na nakatulong ang ilustrasyong glosaryo sa pag-unawa sa pagbasa ng mga tagasagot. Bagaman may 1% ang di-gaanong mahusay sa antas kritikal, mahihinuha na ito ay katanggap-tanggap sapagkat mahirap na lebel ang pag-unawang kritikal. Maiuugnay din marahil ang resulta sa kadahilanang isang beses lang nagamit ang kagamitang panturo na tumagal ng dalawang linggo.

Sa antas literal, masasabing naunawaan ng mga tagasagot ang akda kaya nasagutan nila ang mga batayang tanong na sumubok sa mababaw na pag-unawa kagaya ng mga tanong na ano, sino, kailan at saan na nangangailangan ng simpleng pag-alaala. Sinasang-ayunan nito ang resulta ng pag-aaral ni Perez (2019[14]) sa isinagawang sarbey sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsagot sa mga katanungan sa pagbasang may unawa, lumabas na may mataas na kakayahan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng mga katanungang nasa antas literal.

Samantala, sa antas inferensyal, makikitang nasagutan nang wasto ang mga katanungang nangangailangan ng mas malalim na pag-iisip, paghihinuha at pagbasa sa pagitan ng mga linya o reading between the lines. Sinasang-ayunan nito ang pag-aaral ni Amandy (2019[15]) kung saan ang malaking bahagdan ng mga tagasagot ay may katamtaman hanggang mataas na antas sa pag-unawang inferensyal. Nakagagawa pa rin ang mag-aaral ng tamang desisyon base sa tekstong nabasa kung saan ang sitwasyon ay hango sa mga pagpapahalaga na maaaring kanilang natutuhan sa pagbabasa ng aralin.

Sa antas kritikal, mahahalaw na nakamit ng tagasagot ang lubos na pag-unawa sa mga akdang binasa sapagkat nakapagsagawa ang tagasagot ng reading beyond the lines. Nasagot ang mga katanungang bakit, paano at sa iyong palagay na nangangailangan ng masusing pagkukuro at kasanayan sa higher order thinking skills o HOTS.

Taliwas ito sa pag-aaral ni Amandy (2019[15]) kung saan sa antas kritikal, lumabas na higit na marami ang bilang ng mag-aaral ang nakakuha ng bahagya hanggang katamtamang antas ng pag-unawa. Napansin na kapag ang tanong ay nagsisimula sa tanong na bakit o paano o di kaya ay paglalagom, nagdudulot ito ng kalituhan na tukuyin ang angkop na kasagutan sa isang partikular na tanong.

Kapansin-pansin din na halos may pagkakaparehas ang bilang ng mga mag-aaral na nasa pinakamahusay na antas kung saan makikita na umuunlad ang pag-unawa ng mag-aaral habang tinatahak ang pag-angat ng antas sa bawat lebel. Maiuugnay ito sa banggit ni Tikhonova at Kudinova (2015[16]) na ang pagpapaunlad ng batayang kasanayang pangkognitibo kagaya ng pagmememorya at paggunita ay kinakailangang bigyang-diin upang mapagana ang susunod na lebel sa kognitibong kasanayan ng mga mag-aaral.

Makikita na ang mga tagasagot ay may konsistent na performans sa tatlong antas ng pag-unawa. Ang pagkakaroon ng mataas na iskor ng mga tagasagot sa bawat antas ng pag-unawa sa binasa ay maaaring bigyang-interpretasyon na may malaking tulong ang ilustrasyong glosaryo sa paghawan ng balakid sa pag-unawa sapagkat mababatid na kung sa simula pa lamang ay hindi na naunawaan ang akda ay hindi nila masasagot ang mga katanungan sa bawat antas ng pag-unawa sa pagbasa.

3. Kaugnayan ng mga Baryabol

| Ilustrasyong glosaryo ng mga salitang nakapaloob sa ilang panitikang pandaigdigan bilang kagamitang panturo | Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa | | |
|---|---|---|---|
| | Literal | Inferensyal | Kritikal |
| Layunin | .064 | .040 | .195 |
| Nilalaman | -.025 | .141 | .029 |
| Disenyo | .116 | .231* | .299** |
| Tibay | -.052 | .109 | .041 |
| Kakayahang Magamit | .027 | .180 | .154 |
| **. Correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed). | | | |
| *. Correlation is significant at the 0.05 level (2-tailed). | | | |

Talahanayan 7: makabuluhang kaugnayan ng paggamit ng ilustrasyong glosaryo ng mga salitang nakapaloob sa ilang piling panitikang pandaigdigan sa antas ng pag-unawa sa pagbasa

Ang Tal. 7 ay nagpapakita na walang makabuluhang kaugnayan ang ilustrasyong glosaryo ng mga salitang nakapaloob sa ilang piling panitikang pandaigdigan bilang kagamitang panturo sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mag-aaral. Mula sa r. value na .064, .040 at .195 sa baryabol na layunin, makikitang walang

kaugnayan ang layunin sa tatlong antas ng pag-unawa sa pagbasa. Gayundin sa r. value na -.025, .141 at .029 sa baryabol na nilalaman, mahihinuhang walang makabuluhang kaugnayan ito sa pag-unawang literal, inferensyal at kritikal. Samantala, sa baryabol na disenyo, tanging ang pag-unawang literal na may r. value na .116, ang walang kaugnayan samantalang ang pag-unawang inferensyal at pag-unawang kritikal na may r. value na .231 at .299 ay may makabuluhang kaugnayan.

Ipinakikita sa resulta na naging mabisa at kaakit-akit ang materyal na nakatulong upang mapataas ang kanilang kognitibong pagkatuto at antas ng pag-unawa sa pagbasa. Ipinababatid din ng kaugnayang ito ang naging resulta sa pagsusulit kung saan ang malaking bahagdan ng tagasagot sa parehong pag-unawang inferensyal at kritikal ay nakakuha ng markang pinakamusay.

Sa baryabol na tibay na may r. value na -.052,.109 at .041, lumabas din na walang makabuluhang kaugnayan ang baryabol sa tatlong antas ng pag-unawa sa pagbasa, gayundin sa baryabol na kakayahang magamit na may r. value naman na .027,.180 at .154.

Sinasang-ayunan nito ang pananaliksik ni Lopez (2019[17]), kung saan bagaman ang nabuong materyal ay makabago at maganda ang pagkakadisenyo, kakaiba ang presentasyon, madaling gamitin, nababasa at nakaaaliw, nanatiling walang epekto at walang koneksyon ang materyal sa komprehensyon at kakayahan sa bokabolaryo ng mag-aaral.

## V. KONKLUSYON

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagtukoy sa pananaw ng mga tagasagot sa paggamit ng ilustrasyong glosaryo ng mga salitang nakapaloob sa ilang piling panitikang pandaigdigan bilang kagamitang panturo batay sa layunin, nilalaman, disenyo, tibay at kakayahang magamit; masukat ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mag-aaral ayon sa antas literal, inferensyal at kritikal; at mabatid kung may makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng ilustrasyong glosaryo sa antas ng pag-unawa sa pagbasa.

Ginamit sa pananaliksik ang descriptive-correlational na pamamaraan ng pag-aaral. Ang instrumento ng pananaliksik na talatanungan at pagsusulit ay inihandang lahat ng mananaliksik at ginamit sa pangangalap ng datos na dumaan sa iba't ibang istatistikal na paraan ng pag-analisa ng datos gaya ng mean at standard deviation, frequency at percentage distribution at Pearson Product Moment-Correlation Coefficient.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral nabuo ang sumusunod na konklusyon : 1.Lubos na sumasang-ayon ang mga tagasagot sa ilustrasyong glosaryo ng mga salitang nakapaloob sa ilang piling panitikang pandaigdigan bilang kagamitang panturo batay sa layunin, nilalaman, disenyo, tibay at kakayahang magamit ; 2.Malaking bahagdan ng iskor ay nasa antas pinakamahusay sa pag-unawang literal, inferensyal at kritikal na antas ng pag-unawa sa pagbasa ; 3.Walang makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng ilustrasyong glosaryo ng mga salitang nakapaloob sa ilang piling panitikang pandaigdigan sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa pag-unawang literal, pag-unawang inferensyal at pag-unawang kritikal dahil walang sapat na istatistikal na ebidensya upang tanggihan ang hinuha kung kaya't ang hinuha ay mananatili. Samantala, nanatiling may makabuluhang koneksyon ang maayos at kaakit-akit na disenyo ng materyal sa mataas na antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sapagkat may makabuluhang kaugnayan ang disenyo sa antas inferensyal at kritikal.

Batay sa konklusyon ng pananaliksik, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay iminumungkahi ng mananaliksik : 1. Maaaring pagyamanin ang ilustrasyong glosaryo sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga salita at ilustrasyon na hango sa buong aralin ng panitikang pandaigdigan at pahabain ang panahon sa paggamit nito upang mas magkaroon ng kabisaan sa pag-unawa sa pagbasa at pagkatuto ng mag-aaral ; 2. Iminumungkahi na magsagawa ng kaparehong pananaliksik na nakatuon sa paggamit ng iba't ibang kagamitang panturo na makatutulong sa pag-unlad ng komprehensyon ng mag-aaral na gagamitan ng eksperimental na disenyo kung saan may panimula at pangwakas na pagsusulit upang mas mabatid ang kabisaan at epektibong gamit ng materyal at mas masukat ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral; 3.Iminumungkahing tumuklas ng iba pang pamamaraan o estratehiya sa pagtuturo na mag-aangat sa antas ng pag-unawa sa pagbasa at pagkatuto ng mag-aaral.

## SANGGUNIAN

**Aklat :**

[1] C.B. Cruz et al., *Komunikasyon sa akademikong filipino* (Mandaluyong City : Books Atbp. Publishing Corp.,2013)

**Mga Artikulo :**

[2] *The importance of learning materials in teaching* (2016, June 15). Hinango sa https://education.gov.gy/web/index.php/teachers/tips-for-teaching/item/ 2036-the-importance-of-learning-materials-in-teaching

[3] K. Nation, *Reading comprehension and vocabulary: what's the connection?*, 2017. Hinango sa https://readoxford.org/reading-comprehension-and-vocabulary-whats-the-connection

[5] K. Osworth, *What is a glossary in a book?*, 2017. Hinango sa https://www.diggypod.com/2017/12/08/book-glossary/

[7] J. Howard and J. Major, *Guidelines for designing effective english language teaching materials*, n.d. Hinango sa http://paaljapan.org/resources/proceedings/PAAL9/pdf/Howard.pdf

[8] S. Bandli, *How the 8 design principles should be applied to learning*, 2020, Hinango sa https://elearningindustry.com/how-apply-design-principles-to-online-learning

[9] T. Read and C. Treffgarne, *Learning and teaching materials: policy and practice for provision*, n.d., Hinango sa https://assets.publishing.service.gov.uk/media/57a08ab2e5274a31e000071e/09-Textbook-Procurement-How-To-Note.pdf

[11] A. Peterman et al., H*ow to write a glossary*, 2021, Hinango sa https://www.wikihow.com/Write-a-Glossary

**Tesis :**

[4] C. Liay, *Development of a localized module in cookery for grade 10 students*, master's thesis, Laguna State Polytechnic University -San Pablo City, Laguna, 2019.

[6] L. Palines, *Pagbuo at ebalwasyon ng talahulugang ingles-filipino sa mga katawagang teknikal ng bread and pastry production*, master's thesis, Manuel S. Enverga University Foundation, Lungsod ng Lucena, 2016.

[10] M. Locsin, S*trategic steps to reading success (ssrs) program: its relation to the academic performance of the second year high school students of siena college of taytay, sy 2012-2013*, master's thesis, Laguna State Polytechnic University, San Pablo City, Laguna, 2013.

[12] A. Abuel, D*evelopment and validation of glossary of terms in engineering*, doctoral diss., Manuel S. Enverga University Foundation, Lucena City, 2013.

[13] F. Simui, L.C. Thompson, K. Mundende, G. Mwewa, F. Kakana, A. Chishiba, and B. Namangala, D*istance learners' perspective on user-friendly instructional materials at the university of zambia*, n.d., Hinango sa https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1141538.pdf

[14] H.R. Perez, *Pagpapaunlad sa kakayahan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa grade 8 sa pamamagitan ng estratehiyang sama-samang pagkatuto*, 2019, Hinango sa https://depedro1.com/wp-content/uploads/2019/02/Herbert-Perez.pdf

[15] M. Amandy, *Pananaw sa pormal at di-pormal na gamit ng wika at antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral*, master's thesis, Laguna State Polytechnic University, San Pablo City, Laguna, 2019.

[17] E. Lopez, D*esigning comics-based worktext in world literature: input to enhance reading comprehension and vocabulary skills of college students*, master's thesis, Laguna State Polytechnic University, San Pablo City, Laguna, 2019.

**Dyornal :**

[16] E. Tikhonova and N. Kudinova, Sophisticated thinking: higher order thinking skills, *Journal of Language and Education, 1(3)*, 2015.